



ST PAULS MEDIA **pastoral ministry**
AMBUHAY
MISSALETTE


FOR A SYNODAL CHURCH: COMMUNION, PARTICIPATION, MISSION
SYNOD 2021-2023



Taon 36 Blg. 37

Dakilang Kapistahan ni Maria, Ina ng Diyos—Puti
Pandaigdigang Araw ng Panalangin para sa Kapayapaan

Enero 1, 2023



MARIA: DALUYAN NG *Pagpapala ng Diyos*

Lub. Kgg. Renato P. Mayugba, D.D.
Diyosesis ng Laoag

Hudyat ang Pasko ng Pagsilang ng Panginoon para sa ating pagdiriwang ng Hiwaga ng Pagtawid ng Diyos o *Paschal Mystery*. Magaganap naman ang katuparan nito sa ating pagdiriwang ng Pasko ng Muling Pagkabuhay ng Panginoon. Kahanga-hanga sa pagdiriwang ng hiwagang ito ay ang pagnanais ng Diyos na tupdin ito sa pakikipagkaisa ng Biheng Maria, na siyang nagsilang sa Anak ng Diyos! Ang papel ni Maria sa ating kuwento ng pagkakaligtas ang siyang ating ginugunita ngayong unang araw ng taon: Maria, Ina ng Diyos!

Ngayong ikawalong araw ng Pasko, sa kinagawiang pagtutuli at pagpapangalan sa anak ni Maria bilang 'Hesus' na ibig sabih'y "Nagliligtas ang Diyos," ipinakikilala sa atin ng ating pagsamba ang kahulugan ng Pagkakatawag-Tao ng Diyos. Itinadhana itong Anak ni Maria na magligtas ng daigdig. Tutubusin niya ang mundo mula sa kasalanan at kamatayan bilang tupang-alay na walang bahid. Ating

ikinagagalak ang balitang isinugo ng Maykapal ang kanyang Anak, sa kaganapan ng panahon, at nilalaspang ang umaapaw na biyaya ng Diyos sa sangkatauhan sa pagkakaloob sa atin ng Tagapagligtas at ng Ina! Nagkatawag-tao ang Anak ng Diyos sa pamamagitan ng Inang Birhen, at naging ating Kapatid upang maari na rin nating tawagin ang Diyos bilang "Abba," ang ating Ama. Idinulot ni Maria ang pambihirang biyaya na ito; at ipinahahayag ng karangalang ito ang kagustuhan ng Diyos na lahat ng biyaya ay maaaring dumaloy kay Maria!

Sa Unang Pagbasa napakikinggan natin ang basbas ni Aaron, na siyang nagpapaalala sa atin na hilingin ang pagbabasbas ng Diyos sa ating bagong taon. Binabati natin ang isa't isa ng "Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon!" at umaasa na ang pagbating ito ay tigib ng biyaya. Mabuting alalahanin natin na sa likod ng kasaganahang ito ay walang iba kun'di ang Diyos. Ito ang pinanampalatayanan ng mga Bayang Pinili sa Lumang Tipan; ito rin ang ating pinanghawakan nating Bayang Pinili ng Bagong Tipan: pero sa bagong kasunduan, hinihiling natin ang kanyang kasaganaan sa pamamagitan ni Maria, ang kanyang Ina!

Sapagkat kung ninais ng Diyos na kailangang magkatawag-tao ang kanyang Anak sa pamamagitan ni Maria, hindi ba makatwirang ang pagbibigay-sarili ng Maykapal,

lakip ang kanyang kasaganahan, ay dumaloy din sa naturang Ina ng Diyos? Hindi ba bahagi ng Mabuting Balitang ipinagsigawan ng mga anghel ang mapagnilay na pag-iingat ni Maria sa kanilang pagpapahayag ng pagdating ng Diyos, upang maging lagusan siya ng pagpupuspos para sa sangkatauhan? Ngunit ito nga ang matutupad sa pagharap natin sa hiwaga ng Pagtutubos sa Kalbaryo, kung saan titindig si Maria sa may krus ng kanyang Anak!

Inaanyayahan ko kayo ngayong magtungo kay Maria upang idangal siya gaya ng ginawa ng mga pastol, upang humiling ng kanyang pagbabasbas bilang ating Ina sa kabuuan ng bagong taon! Kay dami ng biyayang matatanggap sa pamamagitan niya kung tayo'y dudulog lamang.

Umpisahan natin ang Bagong Taon sa pamamagitan ng pag-aalay natin nito kay Maria, Ina ng Diyos, at paghiling na idulog tayo sa Diyos. Mabuting maglista tayo ng ating nais na ipagdasal: "Anong mga biyaya ang nais natin para sa ating pamilya at mga kaibigan? Para sa ating mga pari at mga umuugit sa pamahalaan? Para sa ating pamayanan? Para sa mahihirap, mga may sakit, mga napariwara't nalimutang kasapi ng lipunan? Anong kapayapaan ang nais natin para sa daigdig?"

Maria, Ina ng Diyos, ihatid mo nawa ang panalangin naming mga anak mo sa Anak na isinilang mo upang ating maging Tagapagligtas.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Is 9:2, 6; Lc 1:33)

(Basahin kung walang pambungad na awit)

Namanaag ang liwanag dahil ngayon pinanganak ang Poong Tagapagligtas, ang Amang sa hinaharap maghaharing walang wakas.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring gamitin ito o isang katulad na pahayag)

P—Isang mabiyayang Bagong Taon sa inyong lahat!

Inuumpisahan natin ang taong ito sa pamamagitan ng pagkilala kay Maria bilang Ina ng Diyos. Sa pamamagitan niya, pagkalooban nawa tayo ng Panginoon ng matatag na pananampalataya at ng pagkakaisa.

Ginugunita rin natin ngayon ang *Pandaigdigang Araw ng Panalangin para sa Kapayapaan*. Ipanalangin natin sa Misang ito na maghari ang kapayapaang dala ng Tagapagligtas sa buong daigdig.

Pagsisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

B—Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos, at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(dadagok sa dibdib)* sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin, dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, pinagpala mo ang sangkatauhan sa iniluwal ng Mahal na Ina. Ipalasap mo sa amin ang kanyang pagdalangin sa pamamagitan ng iyong Anak na isinilang niya para sa amin upang kami'y mabuhay kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa

(Blg 6:22–27) *(Umupo)*

Ang napakagandang panalangin sa Unang Pagbasa ay ginamit ng mga pari sa Lumang Tipan upang basbasan ang sambayanan ng Diyos.

Pagbasa mula sa aklat ng mga Bilang

SINABI ng Panginoon kay Moises, “Sabihin mo kay Aaron at sa kanyang mga anak na ito ang sasabihin nila sa pagbebendisyon nila sa mga Israelita: Pagpalain ka nawa at ingatan ng Panginoon; nawa'y kahabagan ka niya at subaybayan; lingapin ka nawa

niya at bigyan ng kapayapaan.

“Ganito nila babanggitin ang pangalan ko sa pagbebendisyon sa mga Israelita at pagpapalain ko ang mga ito.”

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 66)

T—Kami'y iyong kaawaan, pagpalain, Poong mahal.

Sr. M. C. A. Parco, FSP

Ka - mi'y i - yong ka -
a - wa - an pag - pa - la - in,
Po - ong ma - hal.

1. O Diyos, pagpalain kami't kahabagan,/ kami Panginoon'y iyong kaawaan,/ upang sa daigdig mabatid ng lahat/ ang iyong kalooban at ang pagliligtas. (T)

2. Nawa'y purihin ka ng mga nilikha,/ pagkat matuwid kang humatol sa madla;/ ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa. (T)

3. Purihin ka nawa ng lahat ng tao,/ purihin ka nila sa lahat ng dako./ Ang lahat sa ami'y iyong pinagpala,/ nawa'y igtalang ka ng lahat ng bansa. (T)

Ikalawang Pagbasa (Gal 4:4–7)

Pagdating ng takdang panahon, naging tao ang Anak ng Diyos. Si Maria ang pinagmulan ng pagkatao ni Hesus, ang siyang kadakilaan ng sangkatauhan.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Galacia

MGA KAPATID: Noong dumating ang takdang panahon, sinugo ng Diyos ang kanyang Anak. Isinilang siya ng babae, at namuhay sa ilalim ng Kautusan upang palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan. Sa gayon, tayo'y mabibilang na mga anak ng Diyos.

Upang ipakilalang kayo'y mga anak ng Diyos, pinagkalooban niya tayo ng Espiritu ng kanyang Anak nang tayo'y makatawag sa kanya ng “Ama! Ama ko!” Kaya't hindi ka na alipin kundi anak. Sapagkat anak, ikaw ay tagapagmana ayon sa kalooban ng Diyos.

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Alaluya (Heb 1:1–2) (*Tumayo*)

B—Alaluya! Alaluya! N’ong dati’y mga propeta ngayon nama’y Anak niya ang sugo ng D’yos na Ama. **Alaluya! Alaluya!**

Mabuting Balita (Lc 2:16–21)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon: Nagmamadali ang mga pastol na lumakad patungong Betlehem at nakita nila sina Maria at Jose, at ang sanggol na nakahiga sa sabsaban. Kaya’t isinaysay nila ang mga sinabi ng anghel tungkol sa sanggol na ito; at nagtaka ang lahat ng nakarinig sa sinabi ng mga pastol. Natanim sa isip ni Maria ang mga bagay na ito at kanyang pinagbulay-bulay. Umalis ang mga pastol na nagpupuri sa Diyos at nagpapahayag ng kanyang kadakilaan dahil sa lahat ng narinig nila at nakita na ayon sa ibinalita sa kanila ng anghel.

Pagdating ng ikawalong araw ay tinuli ang bata at pinangalanang Hesus—ang pangalang ibinigay ng anghel bago pa siya ipinaglahi.

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Mga kapatid hinirang ng Diyos Ama ang Mahal na Birheng Maria bilang daluyan ng kanyang biyaya upang maging lubusang ganap ang kanyang pakikiniig at pagtubos sa sangkatauhan. Idalangin nating tulungan niya tayo sa ating pagsisikap tularan ang dalisay na katapatan at pagkamasunurin ng Ina ng Diyos. Ating itugon:

T—Ama, sa pamamagitan ng dalangin ng Birheng Maria, dinggin mo kami.

L—Amang mapagmahal, patatagin at pagyabungin mo kaming iyong Simbahan tungo sa kababaang-loob, pagkamasunurin, at katapatan sa iyo. Manalangin tayo: **(T)**

L—Amang mapagmahal, gawin mong marapat na “tagapag-dala ng Diyos” ang lahat ng mga lingkod-bayan sa kanilang pag-aalay ng sarili sa iyo at kanilang kapwa. Manalangin tayo: **(T)**

L—Amang mapagmahal, itina-taas namin sa iyo ang aming buong pagkatao habang aming sinisimulan ang panibagong taon. Tulungan mo kaming maging tapat sa aming pagkakakilanlan bilang mga ampon mo sa kabila paghihirap at pag-uusig. Manalangin tayo: **(T)**

L—Amang mapagmahal, yakapin mo sa iyong piling ang aming mga yumao sa pamamagitan ni Maria, ang aming mapagmahal na Ina. Manalangin tayo: **(T)**

L—Sa ilang sandali ng katahimikan itaas natin sa Diyos ang ating personal na kahilingan gayundin ang mga taong lubos na nangangailangan ng ating panalangin (*Tumahimik*). Manalangin tayo: **(T)**

P—Mapagmahal naming Diyos, hipuin mo ang aming puso’t diwa, ang aming buong pagkatao, upang ang lahat ng aming mga desisyon at gawain

sa panibagong taong ito ay maging pagtutulad kay Maria, ang Ina ng Diyos at amin ding ina sa diwa ng pag-aampon mo sa amin sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B—Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



Paghahain ng Alay (*Tumayo*)

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P— Ama naming Lumikha, sa iyo nagmumula at nagkakaroon ng kaganapan ang tanan. Sa dakilang kapistahang ito ni Maria, na Ina ng Anak mong Diyos na totoo, maipagdiwang nawa namin ang pasimula ng Bagong Taon at paratingin mo kami sa kaganapan nito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

Unang Prepasyo sa Mahal na Birheng Maria

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamat.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatang ngayong ipinagdiwang namin ang dakilang kapistahan ni Maria, Ina ng Diyos.

Bukod mong pinagpala sa babaing lahat ang Mahal na Birheng totoong mapalad na iyong piniling maging Ina ng iyong Anak noong isugo mo siya bilang aming Mesiyas. Sa kapangyarihan ng Espiritung Banal ang Birheng Maria ay naging Inang tunay ng iyong Anak na kanyang isinilang bilang liwanag nitong sanlibutan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang

walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa kaitaasan!
(Lumuhod)

Pagbubunyi *(Tumayo)*

B—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiya at magbabalik sa wakas upang mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinaabang
(Lumuhod)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon (Heb 13:8)

Si Hesukristo ay buhay noon pa mang nakaraan, s'ya rin sa kasalukuyan, s'ya pa rin magpakailanman at magpasawalang hanggan.

Panalangin Pagkapakinabang
(Tumayo)

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*
Ama naming mapagmahal, loobin mong sa pagdiriwang namin sa dakilang kapistahan ng Mahal na Ina ng iyong Anak at ng iyong sambayanan kaming nagsalu-salo sa piging na banal ay makapakinabang nawa sa iyong buhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

PAGTATAPOS

ST PAULS ANNUAL PRODUCTS

Prayer is the Best Habit

Let our beloved bestsellers guide you each new day

365 days with the Lord | Pandasal | Simbahay
Devotional Calendar | Marian Calendar



P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Yumuko kayo't hingin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik)*

Pagpalain nawa kayo ng Diyos na sa pagsilang ng Anak niya mula sa Mahal na Birhen ay naghatid sa daigdig ng katubusang walang hanggan.

B—Amen.

P—Pasiglahin nawa kayo sa malasakit ng Mahal na Birhen na siyang nagbigay sa inyo ng Tagapaghatid ng buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Puspusin nawa ng kaga-

lakan ng Espiritu Santo ang mga nagdiriwang sa pagpaparantal sa Mahal na Birheng Maria upang sa ganitong diwa kayo ay sumapit sa kalangitan na siyang tahanan ng tanan magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B—Amen.

Pangwakas

P—Tapos na ang Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalina at paglingkuran.

B—Salamat sa Diyos.

NAWA'Y KAHABAGAN TAYO NG DIYOS
AT PAGPALAIN KAILANMAN.

*Mabiyaya at
Masaganang*
BAGONG TAON PO
SA INYONG LAHAT!

—SAMBUHAY EDITORIAL TEAM

